

URTUGRAPIYANG UNG AYTA MAGBUKUN

Ortograpiya ng Ayta
Magbukun

URTUGRAPIYANG UNG AYTA MAGBUKUN

Ortograpiya ng Ayta
Magbukun

ORTOGRAPIYA NG AYTA MAGBUKUN

Karapatang-sipi © 2024 ng Komunidad ng Ayta Magbukun, Kagawaran ng Edukasyon Dibisyon ng Bataan, at Summer Institute of Linguistics Philippines.

Disenyo ng aklat ni Kimberly de Jesus

RESERBADO ANG LAHAT NG KARAPATAN. Walang bahagi ng librong ito ang maaaring sipiin o gamitin nang walang nakasulat na pahintulot mula sa may-akda at tagapaglalathala.

Ang Pambansang Aklatan ng Pilipinas CIP Data

Rekomendadong lahok:

Urtugrapiyang ung Ayta Magbukun = Ortograpiya ng Ayta Magbukun.
—Maynila : Komisyon sa Wikang Filipino, [2024] , ©2024. pages
; cm

ISBN 978-621-450-320-9 (softbound/paperbound)
ISBN 978-621-450-321-6 (pdf)

1. Sambali language — Study and teaching. 2. Native language and education. 3. Samabali lanaguage — Terms and phrases. 4. Aeta (Philippine people) — Philippines — Bataan Peninsula. I. Title.

499.21807 PL6024.595.B38 2024 P420240121

Inilathala ng



KOMISYON SA WIKANG FILIPINO
Gusaling Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel, San Miguel,
1005 Maynila
Tel. (02) 899-606-70
komfil@kwf.gov.ph • kwf.gov.ph

INGLALAMAN

Nilalaman

IV

PANUGOD NGA MENSAHE

Panimulang Mensahe

16

GRAFÉMA

Graféma

22

PANTIG

Pantig

26

URAM MA HALITA

Hiram na Salita

28

IMPIT NA TUNUY TA GUTLING

Impit na Tunog at Gitling

30

TAW TULDIK

Mga Tuldik

35

HAY BATAYANG HALITA PARA HA BAW BAKU

Mga Batayang Salita para sa Bata

68

APINDIK

Apendiks

MENSAHE

Kamayha ung kabanwaanang Bataeno ti hay kaykitamung Gubyrnung Pangprubiniha ha pamamati ta pahahalangat ha laot ung nagbabalangka ta nambuu ung kapaki-pakinabang ga pruyiktung *Urtugrapiya ung Ayta Magbukun*.

Hay panlilimbag ung Urtugrapiyan ti yay ha pagtataguyod ung Department of Education Bataan ta ung Summer Institute of Linguistics-Philippines, kalamulan ti hay Komisyon sa wikang Filipino (KWF), yay pagpapaikit ta pagpapramdm ung pangangalinga ta pagmamalahakit ha kaykitamug kababawang katutubung Ayta Magbukun.

Nakalulugur ra maikit ung unti-unti yanaihahakaturan ti hay lyunung ha lalu ung Cultural Heritage Preservation Division tamung uli ya mapahigla ti hay nanganganub ba Linggwahi ung Ayta Magbukun u uhap ung kaykitamung kaw katutubu ha lalu ung Amak-Uhap ta Master Apprentice Language Learning Program (MALLP), mayhang kumprihintibung purugramang inghahagawa ung KWF katuwang ti hay kaykitamung Provincial Government kalamulan ha purugramang hati ti hay Amak-Uhap Immersion class para ha paw pre-school la aw anak ta ti hay Master Apprentice Language Learning Program (MALLP) ung adult learners.

Ha pamamag-itan ung *Urtugrapiya ung Ayta Magbukun* nay makahihiguru kitamung mangaalagaan ta mangaipagpatuluy ti hay kaynilang kinagisnang katutubu wa uhap ta kultura wa manaun mut ung lalatung nga inirahiyun bilang inspirahiyun ung kaynilang lai. Hati yay matatag ga intrumintu tamung hila yay magamit ung igit ta matag-ay ya katandaan.

Hay Bataan nay mayha ha aw LGU ya nakapagtalaga ung Indigenous Peoples' Mandatory Representative (IPMR) ha layunung pa- mamalangka ung paw pulihiya ta purugrama para ha IP. Nakapagtalagayna mut bayi kitamu ung prubinihiyal upi para ha NCIP ha Capitol Compound tamung igit ta mabiha ha paghahakaturan ung kaw kulaburatib ba pruyiktu ha pag-itan ung Provincial Government of Bataan ta NCIP katular ung pundu ha pagpapahukat ung law lutang hinlagi, dyaan

MENSAHE

Kaisa po ng sambayanang Bataeno ang ating Pamahalaang Panlalawigan sa pagbati at pasasalamat sa lahat ng nagbabalangkas at bumubuo ng kapaki-pakinabang na proyektong *Ortograpiya ng Ayta Magbukun*.

Ang paglilimbag ng Ortograpiyang ito sa pagtataguyod ng Department of Education Bataan at ng Summer Institute of Linguistics-Philippines, kasama ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF), ay pagpapakita at pagpapadama ng kalinga at pagmamalasakit sa ating mga kababayang katutubong Ayta Magbukun.

Nakalulugod pong makitang unti-unting naisasakaturan ang mga layunin sa ilalim ng Cultural Heritage Preservation Division upang muling mapasigla ang nanganganib na Ayta Magbukun Language o wika ng ating mga katutubo sa ilalim ng Bahay-Wika at Master Apprentice Language Learning Program, isang komprehensibong programang isinagawa ng KWF katuwang ang ating Provincial Government. Kasama sa programang ito ang Bahay-Wika immersion class para sa mga pre-school children at ang Master Apprentice Language Learning Program (MALLP) ng adult learners.

Sa pamamagitan ng *Ortograpiya ng Ayta Magbukun* ay makasisiguro tayong maaalagaan at maipagpapatuloy ang kanilang kinagisnang katutubong wika at kultura na mamanahin pa ng mga henerasyong susunod bilang inspirasyon ng kanilang lahi. Ito ay matatag na instrumento upang sila ay magkamit ng mas mataas na antas ng kaalaman.

Ang Bataan ay isa sa mga LGU na naunang nakapagtalaga ng Indigenous Peoples' Mandatory Representations (IPMR) sa layuning pagbalangkas ng mga polisiya at programa para sa IP. Nakapagtalaga na rin tayo ng provincial office para sa NCIP sa Capitol Compound para sa mas mabisang pagsasakaturan ng mga collaborative projects sa pagitan ng Provincial Government of Bataan at NCIP katulad ng fund delineation of ancestral domain, pagpapagawa ng mga farm

ibat gahak paalaku ha palingki, libring paaral (iskularhiyip) para ha mag-aanak ngan aw Ayta, paw purugramang pagkabiayan ta pamumundu ung PCG Antenna farm.

Bagaman hy ibu habiin ung Magbukun nay iwalay, inkluhibu ti hay hangarun ugkaykitamung Panlalawigan na Gubyirnu wa mabiyen ti hy kaw katutubu ung Karapatan ung mamiyay ya main kalidar alinhunul hapaw purugramang inghuhulung ug kaykitamung prubinihiya ha pagtataguyur ung matatag ga mag-aanak ka Bataeno.

Nagpapahalamat kitamu ha laat ung aw ahinhiya wa patuluy ya nakikipagtulungan tamung maihakatuparan ti hay aw angarun ung kaykitamung gubyirnu sa pagtug-un, panunulung ta paghupurta ha aw Aytang Magbukun ha Bataan para ha katuparan ung kaynilang paw pangarap.

Patnubayan kaw ang kaykitamung APUH LIBABU!

JOSE ENRIQUE S. GARCIA III
Gobernador

to market roads, scholarship grants para sa mga pamilya ng IP, mga programang pangkabuhayan at pagpopondo ng PCG Antenna Farm.

Bagama't ang ibig sabihin ng Magbukun ay hiwalay, ingklusibo ang mithiin ng ating Panlalawigang Pamahalaan na mabigyan ang mga katutubo ng karapatang mamuhay ng may kalidad alinsunod sa mga programang isinusulong ng ating probinsiya sa pagtataguyod ng matatag na pamilyang Bataeno.

Nagpapasalamat táyo sa lahat ng mga ahensiyang patuloy na nakikipagtulungan upang maisakatuparan ang mga adhikain ng ating pamahalaan sa pagtugon, pagtulong, at pagsuporta sa mga Ayta Magbukun sa Bataan para sa katuparan ng kanilang mga pangarap.

Patnubayan kayó ng ating Panginoong Diyos!

JOSE ENRIQUE S. GARCIA III
Gobernador

MENSAHE

Mayhang Pamamati!

Mahya ha layunun ung Idukahiyun wa ha ti hay minimithiing dikalidar ra Idukahiyun. Hubalit ikin tamu ti hati nakakamit dail ha pagkakaroon ung hiya-hiyangang uhap pa naghihilbing balakir tamung kitamu way ikin magkaunawaan ta hati yay mayhang lamakung amun ha kaykitamung maw mistral/mistru ha kaynilang panunuru. Tamung matug-unan tamu ti hay pangangailangan na ti, kailangan tamung pag-aralan, ripahuun ta muli ya buun ung paw prugramang pangkurikulum para ha kaykitamung papw patul la katutubu. Hati yay naghihilbing patunay ya hila yay kabilang ha pagbabayung hinahangar ha pag-iirung ung dikalidar ra Idukahiyun uung kaykitamung gubyirnu.

Bilang baagi ung implimintahiyun ung K to 12 prugrama hay hangarun ung Kagawaran nay makalik-a ung Idukahiyun wa kuwa kuwa ha kultura ha pamamag-itan ung Katutubung Idukahiyun (IPED). Lalu wa ta igit, hati yay tutug-un ha pangangailangan ung kaykitamung paw patul la katutubu tamung ikin na hila mairapang maka-intindi ung kunhiptu ung aw aralan dail hati yay nahuhulat ta na ha kaynilang hariling uhap pa lalu wa magpatibay ta magpaunlar ung kaynilang kultura ta katandaan wa kaynilang mangagamit ha kumunidar. Hay Mother-Tongue Based-Multilingual Education (MTB-MLE) hay mayhang malakung patunay ya kitamu way main kurikulum ma kuwa ha kultura ung kaykitamung kaw katutubu.

Hay pagbuu ung Urtugrapiyang hati yay napapanaun dail hati ti hay maghilbing kagamitang panuru ung maw mistral/mistru ha kaynilang panunuru.

Pinupuri ung Panhangay ung Tanggapan ung Tagapaminahala ung aw Iskwilaan ha Bataan ti hay naghagawa ha Pagbuu ung *Magbukun Urtugrapiya ta Gabay ha Pagbaybay: Mamaha ta Manulat Kitamu Wana*. Hati yay manudyung dyaan palaku ha pagbuu ung karagdagang kagamitan ha panunuru wa hay makinabang ngay hay kaykitamung mag-aaral la katutubu tamung hila mut bayi ha minimithiing dikalidar ra Idukahiyun.

MENSAHE

Isang Pagbati!

Isa sa layunin ng Kagawaran ng Edukasyon na sa bawat pagtatapos ng taon ay matamo ng ating mga mag-aaral ang minimithing de-kalidad na edukasyon. Subalit hindi natin ito nakakamit dahil sa pagkakaroon ng iba't ibang wika na nagsisilbing hadlang upang tayo ay hindi magkaunawaan at ito ay isang malaking hamon sa ating mga guro sa kanilang pagtuturo. Upang matugunan natin ang pangangailangan ito, kinakailangan nating pag-aralan, repasuhin, at muling bumuo ng mga programang pangkurikulum para sa ating mga kapatid na katutubo. Ito ay nagsisilbing patunay na sila ay kabilang sa pagbabagong hinahangad sa pagtatayo ng de-kalidad na edukasyon ng ating pamahalaan.

Bilang bahagi ng implementasyon ng K to 12 Program, ang mithiin ng kagawaran ay makalikha ng edukasyon na hango sa kultura sa pamamagitan ng Indigenous Peoples Education (IPED). Lalo't higit, ito ay tutugon sa pangangailangan ng ating mga kapatid na katutubo upang hindi na sila mahirapang umunawa ng konsepto ng mga aralin sapagkat ito ay nasusulat na sa kanilang kultura at kaalaman na kanilang magagamit sa kanilang komunidad. Ang Mother-Tongue Based-Multilingual Education (MTB-MLE) ang isang malaking patunay na tayo ay may kurikulum na hango sa kultura ng ating mga katutubo.

Ang pagbuo ng Ortograpiyang ito ay napapanahon sapagkat ito ang magsisilbing kagamitang panturo ng mga guro sa kanilang pagtuturo.

Pinupuri ng Pansangay na Tanggapan ng Tagapaminahala ng mga Paaralan sa Bataan ang nagsagawa sa Pagbuo ng *Magbukun Orthography and Spelling Guide: Mamaha Ta Manulat Kitamu Wana*. Ito ay magbibigay daan tungo sa pagbuo ng karagdagang kagamitan sa pagtuturo na ang makikinabang ay ang ating mga mag-aaral na katutubo upang sila rin ay makasabay sa minimithing de-kalidad na edukasyon.

Uli, binabati ku hikaw ha napaka-uhay ya kupunan ha likul ung paghihikap pa ti. Tiyak ka magiging mayhang yugtu ti hati para ha kaykitamung maw maal la mag-aaral.

Mayhang SDO Bataan, Mayhang dikalidar ra Idukahiyun ha Bataan.

CAROLINA S. VIOLETA, EdD, CESO VI
Schools Division Superintendent

Muli, binabati ko kayó sa napakahusay na koponan sa likod ng pagsisikap na ito. Tiyak na magiging isang milestone ito para sa ating mahal na mga mag-aaral.

Isang SDO Bataan. Isang de-kalidad na edukasyon sa Bataan.

CAROLINA S. VIOLETA, EdD, CESO VI
Schools Division Superintendent

MENSAHE

Ha kayaku wa kaw kapwa Ayta Magbukun ha kaykay ya Bimbyanan, ibug ku wa ipalatung ti hay mayhang mamhak ka pahahalamat ha paghahalita ung kaykitamu wa Uhap Magbukun. Tanda nu.. marapat dili ya gawtan tamung maigpit ti hay paghahalita tamung hariling uhap. Una yay hay panunura ha aw anak tamu tamung nu ala kitamunang mangagulang ngay ikun ngan nila malipatan. Ha aw amak tamu way mangalunguy ya nila umpiha ha hila ngan nay inghilang gahataw mut bayi angeang impagbubuktut ha bituka. Dail ta hay pagkamati ung uhap tamu way pagkamati ung kultura tamul Dail la hati ti hay pagkilanlan tamu!

Ha pagkakaroon ung kaykitamu wa Amak Uhap, lalu wa bayi hakung naligayaan ta nangatutukan na bayi ti hay pagpapalaka ung uhap tamu. Halaman ha nangagtuturu–mistru ta mistra, pati ya bayi ti hay aw Apu, ta ha laat ung tagataguyur ung uhap tamu. Ha maw mangagulang aw anak, maghupurtaan kitamu. Hay inggagawa tamu way para kayaku. Ha kaykay, ha kaw kaanakan, ha kaykitamung laat!

Pahalamat hakung mamhak ha kaykitamu wa gubyrinu wa alang hawang humuhuporta kaykitamu. Kaya umaha kaw kaykay ya palakahun kay ti hay kaykay ya pagkakamayha, pagtutulungan tamung maikit nu ti hay biyay ung kaykay ya uhap ta kultura. Ha nagunguna ha uhap ung laat ta nanudyung purugramang pagpapalaka ung kaykay ya Magbukun, hay KWF, hay puun kay ha prubiniha wa hing-aw mut anggang ha atu wa nagmamaal ha kaykay hay gubirnadur gaw Garcia alang hawang nanunupurta kaykay , ha puun banwa kay ya nanaguyur kaykay hi Puun banwa Robin Tagle, laat aw ahinhiyang humuhupurta hay NCIP, ta ha laat ta bayi. Hay mahabi ku way “ Mahagmak ka halaman kaykaw laat”! Ikun dili ha dawung kayun ti ti hay pahahalamat ku nu ikin alang katapuhan... Halaman.

MENSAHE

Sa aking mga kapuwa sa aming pamayanan, nais kong iparating ang isang malaking pasasalamat sa pagsasalita ng ating wikang Magbukun. Alam ninyo dapat lang na yakapin natin nang mahigpit ang pagsasalita ng ating sariling wika. Una ay ang pagtuturo sa mga anak natin upang kapag tayong matatanda ay wala na, hindi nila malilimutan. Sa mga tahanan natin ay maririnig na nila mula nang sila ay isinilang ganoon din habang ipinagbubuntis sa sinapupunan. Dahil ang pagkamatay ng wika natin ay pagkamatay ng ating kultura! Dahil ito ang pagkakakilanlan natin!

Sa pagkakaroon ng ating Bahay Wika, lalo na nga akong naligayahan at natutukan ang pagpapalakas ng wika natin. Salamat sa nagsisipagturo–Mistru at Mistra, pati na nga ang mga matatanda, at sa lahat ng nagtataguyod ng wika natin. Sa mga magulang ng mga batâ, magsuportahan tayo. Ang ginagawa natin ay para sa akin, sa amin, sa mga kabataan, at sa ating lahat!

Nagpapasalamat akó nang malaki na ang pamahalaan ay walang sawang sumusuporta sa amin. Kayâ, umasa kayó sa amin na palalakasin namin ang aming pagkakaisa at pagtutulungan upang makita ninyo ang aming buhay na wika at kultura. Sa tagapanguna sa wika ng lahat at nagbigay ng programang pagpapalakas ng aming Magbukun, ang KWF, ang aming pinunong pamprobinsiya na noon pa hanggang ngayon na nagmamahal sa amin, ang Gobernador Garcia na walang sawang sumusuporta sa amin, sa punong bayan namin na nagtataguyod sa amin, si Punong Bayan Robin Tagle, lahat ng mga ahensiyang sumusuporta sa amin, ang NCIP, at sa lahat na nga. Ang masasabi ko ay “Maraming salamat sa inyong lahat.” Hindi lámang sa liham kong ito ang pasasalamat ko kundi walang katapusang pasasalamat. Salamat.

Ha uli, panalangun ku wa biyan kitamung biyay mut, kalakahan ta gabayun kitamung laat ung Apu Ha Libabu!

Mabiyay ti hay uhap Magbukun. Mabiyay ti hay kultura. Mabiyay ti hay Bimbyan ung Bangkal!

Mabiyay kaykay ya MAGBUKUN!

ROSITA N. SISON

PUUN/Apu-Bangkal, Abucay, Bataan

Sa hulí, panalangin ko na bigyan táyo ng búhay pa, kalakasan, at gabayan tayong lahat ng Diyos!

Mabuhay ang Wikang Magbukun. Mabuhay ang Kultura. Mabuhay ang pamayanang Bangkal!

Mabuhay aming MAGBUKUN!

ROSITA N. SISON

PUUN/Apu-Bangkal, Abucay, Bataan

1 | GRAFÉMA

Main labing pitung (17) litra ung alpabitung Magbukun. Labing apat (14) kayti yay katinig ta tatlu (3) kayti yay patinig.

Ta hay pagbigka ung katinig ta patinig ha halitang Magbukun nay katular mut baying ha halitang Filipino.

Ubayi ti haw alimbawa ung katinig:

H h	huklay
T t	taha
M m	mai
K k	kamati
N n	niyug
Y y	yaham
L l	lima
P p	papalu
B b	bakyu
G g	gayaman
NG ng	ngipun
D d	dawun
R r	ragari
W w	wali

Ubayi ti haw alimbawa ung patinig:

A a	ahu
U u	utan
I i	itu

Aa ey	Hh eyts	Uu yu	Tt ti	Ii ay	Mm em
Kk key	Nn en	Yy way	Ll el	Pp pi	Bb bi
Gg dyi	NGng endyi	Ww dobolyu	Dd di	Rr ar	

1 | GRAFÉMA

May labimpitong (17) titik ang alpabeto ng Magbukun. Labing apat (14) nitó ay katinig at tatlo (3) ay patinig.

Ang pagbigkas ng mga katinig at patinig sa wikang Magbukun ay pareho sa wikang Filipino.

Ang mga halimbawa ng katinig:

H h	huklay	‘suklay’
T t	taha	‘tása’
M m	mai	‘mais’
K k	kamati	‘kamatis’
N n	niyug	‘niyog’
Y y	yaham	‘hipon’
L l	lima	‘lima’
P p	papalu	‘paruparo’
B b	bakyu	‘susô’
G g	gayaman	‘alupihan’
NG ng	ngipun	‘ngipin’
D d	dawun	‘dahon’
R r	ragari	‘lagari’
W w	wali	‘walis tingting’

Ang mga halimbawa ng patinig:

A a	áhu	‘áso’
U u	utan	‘ahas’
I i	itu	‘hito’

Aa ey	Hh eyts	Uu yu	Tt ti	Ii ay	Mm em
Kk key	Nn en	Yy way	Ll el	Pp pi	Bb bi
Gg dyi	NGng endyi	Ww dobolyu	Dd di	Rr ar	

Paghulat ung malakung litra

Ha Magbukun, hay paghulat ung malakung litra yay dapay mut ung Ingles ta Filipino.

(a) Ha paghulat ung pangunguhap, malaku ti unang litra.

Alimbawa:

Hay lamit nyay bayu.

(b) Ha paghulat ung ngalan ung tawu, lugal, awlu, buwan ta hinu mut ta halitang unang malakung litra.

Alimbawa:

Rosita

Baki

Luni

Marhu

(c) Hay malakung litra yay ginagamit mut ha paghulat ung paw-pamagat ung libru, tula, tutul ta maw-mahalagang panyayari.

Alimbawa:

Lupang Hinirang

Pasku

Hay gaw-gamit ta panalaw ha paghulat.

Hay taw talaw wa ginagamit ha Filipino dapay mut bayi ha Magbukun.

(a) (.) Hay taw-tuldok kay inggagamit ha katapuhan ung pangunguhap ha panunutul la pautu.

Alimbawa:

Nagbabaha ung libru ti anak.

(b) (?) Hay pananalaw ha pagtatanung ngay ginagamit ha katapuhan ung pangunguhap pa patanung .

Alimbawa:

Haay ka nakatuklu?

Pagsulat ng malaking titik

Sa Magbukun, ang pagsulat ng malaking titik ay katulad din ng sa Ingles at Filipino.

(a) Sa pagsulat ng pangungusap, ang unang titik ng unang salita ay malaki.

Halimbawa:

Hay lamit nyay bayu.

'Ang damit niya ay bago.'

(b) Sa pagsulat ng pangalan ng tao, lugar, araw, buwan at iba pang salita, ang unang titik ay malaki.

Halimbawa:

Rosita

Baki

Luni

Marhu

'Daga'

'Lunes'

'Marso'

(c) Ang malaking titik ay ginagamit din sa pagsulat ng mga pamagat ng aklat, tula, kuwento, at mahahalagang pangyayari.

Halimbawa:

Lupang Hinirang

Pasku

'Pasko'

Ang mga gamit na pananda sa pagsulat

Ang mga bantas na ginagamit sa Filipino ay katulad din sa Magbukun.

(a) (.) Ang tuldok o period ay ginagamit sa katapusan ng pangungusap na nagsasalaysay o nag-uutos.

Halimbawa:

Nagbabaha ung libru ti anak.

'Nagbabasa ng aklat ang bata.'

(b) (?) Ang tandang pananong o question mark ay ginagamit sa katapusan ng pangungusap na nagtatanong.

Halimbawa:

Haay ka nakatuklu?

'Saan ka nakatira?'

(c) (!) Hay panalaw ha malakang imubyun ta inggamit ha katapuhan ung pangguguhap dapay naligang ha hurpriha ta hubrang haya.

Alimbawa:

Aruy! Mahakit matan!

(d) (“ ”) Hay panipi yay ginagamit para ha haw-halitan uam ha halita ung mayhang tawu.

Alimbawa:

Habing indu ku kayaku, “Baa mag ibwar nu yabi yana.”

(e) (,) Hay kuwit tay ingagamit nu paghiwalayun ti hay haw halita.

Alimbawa:

Maku ka ha palingki ta mamili ung mantika , tuyu, matam-i, ta ahin.

(f) (:) Hay tutulduk kay inggamit nu main dalwa u mahagmak ka halitan nahulat mayha ta mayha.

Alimbawa:

Hati ngan ti haw - hangkap ha pamamakawtung gulay: mantika, bawang tuyu, ahin, ta bithin.

(c) (!) Ang tandang padamdang o exclamation point ay ginagamit sa katapusan ng pangungusap na nagsasaad ng pagkatakot, pagkagulat, pagkagalit, o iba pang masidhing damdamin.

Halimbawa:

Aruy! Mahakit matan!

‘Aruy! Masakit talaga!’

(d) (“ ”) Ang panipi ay ginagamit upang isulat ang tuwirang pahayag ng isang tao.

Halimbawa:

Habing indu ku kayaku, “Baa mag ibwar nu yabi.”

‘Sabi ng nanay ko sa akin, “Huwag kang aalis kapag gabi na.”’

(e) (,) Ang kuwit ay ginagamit sa paghihiwalay ng mga salita.

Halimbawa:

Maku ka ha palingki ta mamili ung mantika , tuyu, matam-i, ta ahin.

‘Pumunta ka sa palengke at bumili ka ng mantika, tuyo, asukal, at asin.’

(f) (:) Ang tutuldok ay ginagamit upang ipakilala ang isang salita o serye ng mga salita.

Halimbawa:

Hati ngan ti haw hangkap ha pamamakawtung gulay: mantika, bawang, tuyu, ahin, ta bithin.

‘Ito ang mga sangkap sa pagluto ng gulay: mantika, bawang, tuyo, asin, at betsin.’

2 | PANTIG

Hay pantig gay mayhang tunuy ya imbubuu ha mayhang patinig ta mayhang katinig. Balang patinig (A, I, U) yay mayhang pantig anggat hay kaw katinig gay kaylangan ung kalamulan ung patinig bayu maging pantig. Intu ha gabun ti hay puhibling anyu u kayarian ung pantig ha Magbukun. Hay titik K yay kumakataw-an ha katinig, ta hay titik P yay kumakataw-an ha patinig.

Porma	Alimbawa
P	u•yat a•hu i•tu
KP	bu•ya dyi•wi
PK	aw•lu dya•an
KPK	ha•buk maw•ling

Hay NG ta DY yay digrapu. Ibug habiin ung digrapu, dalwang himbulu wa kumakataw-an ung mayhang tunuy, ta intuturing nga mayhang litra.

Pamamantig ung haw halita

Hay pamamantig gay kapraanan ung pagbutak ha mayhang halita batay ha paw pantig ingpangbuu kayti. Intu kayti ti hay umnung tuntunin:

Una, nu main dalwang magkahunul la patinig, pinag iiwalay ti hay hatingan ung pantig.

Alimbawa:

u•u
hu•u
ma•i
bi•a
dya•an
ba•a

2 | PANTIG

Ang pantig ay isang yunit ng tunog na binubuo ng isang patinig at isang katinig. Bawat patinig (a, i, u) ay isang pantig, habang ang mga katinig ay kailangan ng kasamang patinig bago maging pantig. Nâsa ibaba ang posibleng anyo o kayarian ng pantig sa Magbukun. Ang titik K ay kumakatawan sa katinig, at ang titik P ay kumakatawan sa patinig.

Porma	Halimbawa
P	u•yat ‘ugat’ a•hu ‘aso’ i•tu ‘hito’
KP	bu•ya ‘bigas’ dyi•wi ‘tinik’
PK	aw•lu ‘araw’ dya•an ‘daan’
KPK	ha•buk ‘sabik’ maw•ling ‘itim’

Ang NG at DY ay digrapo. Ibig sabihin ng digrapo, dalawang simbolo na kumakatawan ng isang tunog, at itinuturing na iisang titik.

Pagpapantig ng mga salita

Ang pagpapantig ay paraan ng paghati sa isang salita batay sa mga pantig na ipinambuo dito. Narito ang ilang tuntunin:

Una, kapag may dalawang magkasunod na patinig, pinaghihiwalay ang mga ito ng pantig.

Halimbawa:

u•u ‘ulo’
hu•u ‘kuko’
ma•i ‘mais’
bi•a ‘biyas/isang pútol ng buho’
dya•an ‘daan’
ba•a ‘huwag’

Ikalwa, nu mai dalwang magkahunul la katinig ha gitna ung halita,
pinag-iiwalay ti hati ung pantig.

Alimbawa:

bak•yu
maw•ling
huk•lay
ang•gang
mang•kak•ling
nuk•buk
bul•pin

Ikun hakup ung hati ti hay halitang maing digrapung NG ta DY.

Alimbawa:

ba•la•ngaw
ba•ngun
dyu•dyay
man•dya•wu
ma•dyi•wi

Ikalawa, kapag may dalawang magkasunod na katinig sa gitna ng
salita, pinaghihiwalay ito ng pantig.

Halimbawa:

bak•yu 'susô'
maw•ling 'itim'
huk•lay 'suklay'
ang•gang 'hanggang'
mang•kak•ling 'pera'
nuk•buk 'kuwaderno'
bul•pin 'bolpen'

Hindi sakop nito ang mga salitang may digrapong NG at DY.

Halimbawa:

ba•la•ngaw 'bahaghari'
ba•ngun 'bangon'
dyu•dyay 'ihi'
man•dya•wu 'pangangapa/panghuhuli ng lamang-ilog'
ma•dyi•wi 'matinik'

3 | URAM MA HALITA

(a) Ikun binabayu ti paghulat ung ngalan ung tawu ta lugal.

Alimbawa:

Manuel L. Quezon	Juan Flavier
Agoncillo	Roxas City
Malacañang	

(b) Hay haw-halita patungkul ha baw-bayung bagay ya ginagamit katular ung silpun, laplap, siti iskan.

(c) Kadalahan, Filipino ti hay ginagamit ha paghulat ung aw-awlu ta gahatag mut bayi ha baw-buwan piru kadalahan Ingles ti ginagamit. Peru pwidi mut ihulat ti ha Magbukun.

Alimbawa:

Monday	Lunes	Luni
Thursday	Huwebes	Huwibi
January	Enero	Iniru
November	Nobyembre	Nubimbri

(d) Hay haw-halatang inuram ibat ha Ingles ta Filipino ta na kahanayan nanang ginagamit ha Magbukun ta ihulat ha Magbukun.

Alimbawa:

nukbuk
bulpin
halita

(e) Hay Katinig D

Main maanding nga halita ha Magbukun ung gamit ung tunuy [d]. Ta main mut baying uram ma halita ha tunuy d. Hay abagat hati [d] dapay mut baying minhan ung [r] (alimbawa: bakud > bakur,) minhan ta ti binibigka [l] (alimbawa lakal > lakar). Minhan, main unuoram ung halita ti Filipino ung kailangan 'd'. Para ha kaayuhan, napagkahunduan ung bigkahun bilang [r] ung inghuhulat dili ha hulian ung halita.

Alimbawa:

lamit
likur
tuhur
pagur

3 | HIRAM NA SALITA

(a) Hindi binabago ang orihinal na baybay sa pagsulat ng pangalan ng tao at lugar.

Halimbawa:

Manuel L. Quezon	Juan Flavier
Agoncillo	Roxas City
Malacañang	

(b) Ang mga hiram na salita tungkol sa mga elektronikong bagay ay isinusulat gaya ng *silpon* 'cellphone,' *laplap* 'laptop,' *siti iskan* 'CT Scan' sa Magbukun.

(c) Kadalasan, Filipino ang ginagamit sa pagsulat ng mga araw sa isang linggo, gayundin sa mga buwan ng taon ngunit maaari din itong isulat sa katutubong paraan.

Halimbawa:

Monday	Lunes	Luni
Thursday	Huwebes	Huwibi
January	Enero	Iniru
November	Nobyembre	Nubimbri

(d) Ang mga salitang hiram sa Ingles at sa Filipino na bahagi na ng pang-araw-araw na talasalitaan ng mga Magbukun ay isinusulat sa katutubong paraan.

Halimbawa:

nukbuk	'kuwaderno'
bulpin	'bolpen'
halita	'salita'

(e) Ang Katinig D

Ilang mga salita lámang sa Magbukun ang gumagamit ng [d] bílang tunog subalit mayroong mga hiram na salita sa Filipino na may tunog 'd' na ginagamit sa Magbukun. Ang tunog 'd' sa mga hiram na salitang ito ay binibigkas bílang [r] (e.g. bakud > bakur), o [l] (e.g. lakad > lakal).

Halimbawa:

lamit 'damit'
likul 'likod'
tuhur 'tuhod'
pagur 'pagod'

4 | IMPIT NA TUNUY TA GUTLING

(a) Nu hay impit ta tunuy yay maikit ha pag-itan ung dalwang patinig gay ikun nana biyan ung gitling.

Alimbawa:

buu
huut
puun
daay
luuy
mai

(b) Nu hay impit ta tunuy yay maikit ha pag-itan ung katinig ta patinig, gamitian ung gitling.

Alimbawa:

pag-ung
ayang-ang
tung-u
palam-igan
bay-awang

(c) Hay gutlung ngay kalimitan inggagamit ha pauling halita. Para ha kahagmakang gamit, hay 'aw' ti hinihira ha unahan ung unang titik ung halitang uyang gagamitin ha maramihang anyu.

Alimbawa:

lima-lima
likwar-likwar
amak-amakan
haku-haku

4 | IMPIT NA TUNOG AT GITLING

(a) Kapag ang impit na tunog ay nása pagitan ng dalawang patinig ito'y hindi na kailangan isulat.

Halimbawa:

buu	'bao'
huut	'suot'
puun	'pinunò'
daay	'katabi'
luuy	'leeg'
mai	'mais'

(b) Kapag ang impit na tunog ay nása pagitan ng katinig at patinig, ito ay ginagamitan ng gitling.

Halimbawa:

pag-ung	'pagong'
ayang-ang	'punò'
tung-u	'noo'
palam-igan	'lalamunan'
bay-awang	'baywang'

(c) Ang gitling ay kalimitang ginagamit sa inuulit na mga salita. Para sa karamihang gamit, ang 'aw' ang sinisira sa unahan ng unang titik ng salitang ugat na gagamitin sa karamihang anyo.

Halimbawa:

lima-lima	'togeng ligaw'
palikwar-likwar	'paalis-alis'
amak-amakan	'bahay-bahayan'
haku-haku	'sako-sako'

5 | TAW TULDLIK

Maing tatlung tuldik ka maari ya gamutun ti hay Magbukun pahili (^), paiwa (^), ta pakupya (^). Gamitun ti hati ha haw halitang magkakaawig ti hay hulat piru kaiba ti hay kaulugan. Ubayi ti hay gamit nila.

(a) Inggagamit ti hay pahili tamung markaan ti hay pantig ga main diin. Maari ti hati ha haw halitang imbibigka ung malumanay:

áhu
dúngu
lábuk
úu

Inggagamit mut bayi ti hati para ha haw halitang imbibigka ung mabili:

buyá
buktút
maí
tuúk
mangán

(b) Inggagamit ti hay paiwa tamung markahan ti hay halitang nagtatagpu ha impit ta tunuy ung binibigka ung malumi:

kakà
dirà
gawù

(c) Inggagamit ti hay pakupya tamung markahan ti hay halitang maing impit ta tunuy ta diin ha huling pantig:

kalupî
hirâ

5 | MGA TULDIK

May tatlong tuldik na maaaring gamitin ang Magbukun: pahilis (^), paiwa (^), at pakupya (^). Gagamitin ito sa mga salitang magkakahawig ang sulat subalit iba ang kahulugan. Narito ang gamit nila.

(a) Ginagamit ang pahilis para markahan ang pantig na may diin. Maaari ito sa mga salitang binibigkas nang malumay:

áhu 'áso'
dúngu 'sikmura'
lábuk 'buhok'
úu 'ulo'

Ginagamit din ito para sa mga salitang binibigkas nang mabilis:

buyá 'bigas'
buktút 'buntis'
maí 'mais'
tuúk 'tainga'
mangán 'kain'

(b) Ginagamit ang paiwa para markahan ang salitang nagtatapos sa impit na tunog na binibigkas nang malumi:

kakà 'ate/kuya'
dirà 'mutà'
gawù 'tuyong buho na ginagamit sa apoy'

(c) Ginagamit ang pakupya para markahan ang salitang may impit na tunog at diin sa huling pantig:

kalupî 'bayong'
hirâ 'karne/sira'

**HAY BATAYANG HALITA PARA HA BAW BAKU
MGA BATAYANG SALITA PARA SA BATA**

Ayta Magbukun	Filipino
abáгат	ulan
abáya	balikat
Abríl	Abril
abút	abót
agdán	hagdan
agíap	laso/singaw
agík-ik	dahong pagsaingan
agtáy	atay
águ	agos
agúlu	kaibigan
Agústu	Agosto
ahaán	hasaan
aharúl	asarol
aháwa/kahúur	asawa
áhay	sahig na buho
ahín	asin
ahù	ayaw
áhu,duwúng	áso
ahù,ikún,ikín	hindi
ahúkal/matám-i	asukal
ahúl,kúlur-lángit	asul
áhum	asim
ahúy	ígib
ákay	akay
akbáng	hakbang
áku	ayoko
ákut	hakot
akúun	akuin

Ayta Magbukun	Filipino
âkuynâ	ayoko na
alâ, âmin	wala
alabû	halabos
Alalangâr (punô)	Alalangad
alâman	halaman
alamúkaw	alimpungat
al-âng	bastos
âli, âling	kapatid na nakababata
alí/ibwâr	alis
alígi	haligi
alíli/urâm	hiram
alilíngan	taling bilao (uri ng ahas)
alimáhag	alimasag
alimúnding	arimunding (close open)
almuhâl	almusal
alpây (Bot)	alupag (pangalan ng punô)
alúk	lambing na partikular sa batà, puwede rin sa mag-asawa
alúmbitín	bítin
alún	doon
amâ	tiyuhin
amâk	bahay
âmin	wala
amlúg	pahamak
ampâ	palo, hampas
ampún	karga
amúg	hamog
âmun	hâmon
amyâ	paglinis ng katawan; iba sa pagligo

Ayta Magbukun	Filipino
ânag	anay
anák	batà
andâ	lola
andáp/indáp	akala
andî	liit
andúg	handog
andúhay	handusay
ángay	luyang-dilaw
anggâ	hangga
anggânan	hangganan
anggâng	hanggang
anggay-an	ubeng ligâw
ángkarâng-ay	tilaok
ânip	hanip
anítu	multo
antík	hantik
anú	usok
ânum	anim
apdî	hapdi
aplâk	salampak
aplú	haplos
apú	apó
apù	lolo/lola
ápu báug	isang malaking uri ng tutubi na kulay berde
ápu daugdúg	kulog
Apu Ha Libábu	Panginoon, Diyos
apúap	himas sa ulo
apulâki	lolo
ápun	hapon

Ayta Magbukun	Filipino
apúnan	hapunan
apúy	apoy
ápúyan	lutung de-gatong
aráp	harap
arkuhúl	alkohol
arù	halik
asbár	dagok
aspáy	únat
atúl	hatid
atúl-hundû	hatid-sundo
atúp	bubong, atip
awà	awa
áwak	hawak, kapit
áwak	baywang
áwan	ewan
awlú	araw
awlú-awlú	araw-araw
awû	oo
áwug	ilog
aymá	kamay
aypâ	baba
aypâra	kumusta
aytún	panggatong na malaki
áyu	ayos
áyup	hayop
baá	huwag
babá	pagbuhat sa likod
bábar	babad
babát	bigkis sa tiyan

Ayta Magbukun	Filipino
bābaw	sapaw/babaw
babayâ	saglit lang
babáyi	babae
bābu	babaw
bābuy dyikút	baboy-damo
bagà	bagà (lungs)
bag-áng	bagang
baghík	tapang
bāging	baging
bagúl	barya (coins)
bagyú	bagyo
bahâ	basâ
bāha	bāsa
bahák	baság
bahákay (zoo)	bubuli
bāhu	baso
bāhun	diyan
baká	bakás
bákil	gulod
bákin	bakit
baklá	tanggal
baklí	palahaw
baklî	balì, putól
bakû	anak
bakúlaw, kyû	matsing/unggoy
Bákur	bakod
balagwít/páh-an/pas-an	pagpasan tulad sa pagtataho
bálang	bawat
balangáw	bahaghari

Ayta Magbukun	Filipino
bálat	uri ng panghiwa na gawa sa buho
balát-uú	anit
bálay	tingin
balbá	bigote
balháy	panà
balíba	balibag (itapon sa kahit na anong direksiyon)
balík	balik
balikatú	niknik
baliktár	baligtad
balikutkút	baluktot
balíng	angut
balintuwár	balintuwad
balúbar	kasoy
bal-ún	balon
balúngu	ilong
bandíra	bandila
bāngal	putól
bangát	baho
bangayngáy	biya
bāngun	bangon
bangúngur	bangungot
banhâ	bansa
bānil	libag
bantál	bálot
banwá	bayan
bapâ	tatay
bará-bará	pilyo
baráhu	braso

Ayta Magbukun	Filipino
barák	bayawak
bârug	hampas, matinding palo
batá	batas
bâtak	hila
batalán	papag, lababo
batálay (zoo)	siliw; uri ng isda
bâtang	naputol na punò na hindi ginagamit
batbât/lábak	iwan
bayâ	sikmura
bâya	bagá (apoy)
bayâba	bayabas
bayâ-bayâ	maya't maya
bâyar	bayad
bâyi	nga
bâyu	bago
bía	biyas
bianán	biyenan
bíhi	abalá
bihíta	bisita
bihiyú	bisyo
bíi	bihis
bíkal/tumák (Bot)	uri ng kawayan na bawal putulin
biklát	sawá
bílár	bilad
bílí	bilis
bilúkaw	pang-asim
bimbyánan	Brgy. Magbukun
binangú	impakto

Ayta Magbukun	Filipino
bintakân	patpat
binúkhayán	binaril
bitúka	tiyan
bitúni	butones
biyân	lagyan
Biyârni	Biyernes
biyây	buháy
biyây	talon (falls)
bubúy	bibig
bugà	batong patay
búgku	bigkis
buhína	busina
buhúy	busóg
bukâ	bukás
búka	búkas
búkal	bunga
búkay	hawi
bukhân	buksan
bukháy	dagok, dabog
búkil	bundok
búkir	bukid
buklát	buklat
buklúr	buklod
buktút	buntis
bukù	takda
buláhing	loko/biro
bulâig	píli (nut)
bulâng-ut	titi
bulít	đura

Ayta Magbukun	Filipino
búluy	kamoteng gubat
bulyáw	sigaw
bumbá	bomba
bunggû	bangga
bungkál	bungkal
bunlúr	binlid
bunúk	buhos
búrak, píkat	putik
buták	biyak
butbút	baón
bút-u	buto
butuún	bituin
buù	buho
búuk (Zoo)	kuwago
buúr	buod
buwág	bulag
buwât	buhat
buwâti	bulate
buyá, takyáng-antík	bigas
buyáng/tigá	tigas
buyángin	buhangin
bwáwu	tuhod
dâay	siping
dâg-an	dagan
dagárag	panghila ng kalabaw
daghâ	dagsa
dahál	dasal
dáil	dahil
dalagindíng	dalagita

Ayta Magbukun	Filipino
dalâm-atî	dalamhati
dalângun	dalangin
dalî	dalî/bilis
dalwâ	dalawa
dâlwang puû	dalawampu
damdâmun	damdâmin
damûlag	kalabaw
damûng-âwug	damong-ilog
dâng-a	noo
danglûy (zoo)	pabuka, palus (eel)
danhû	bahay sa bundok
dapâ	dapa
dapî	hagis; ibato
dâpug	apoy; siga
darà	tiya
darâybir	drayber
darîri	daliri
dâwun	dahon
dâwungkâyu	sulat
dawûp	hangin
dayâg/pâi	saing
dîg-âl, dîg-ây	dighay
Dihîmbri	Disyembre
dihiplîna	disiplina
dîli	isa; lang
dîndîng	dinding
dirà	muta
dîrîng	pilikmata
dît-an	uri ng ubod ng ratan

Ayta Magbukun	Filipino
dúat	duhat
dubdúb	dibdib
dublí	doble
duhûg	usóg
dulâ	dulas
dûngu	sikmura
durúwing	drowing
dúti	multa
duúw	puyát
dyáan	kalsada; daan
dyakúp	húli
dyáya	dugo
dyayû	layò
dyikút	gubat
dyilà	dila
dyîmun	pook na pinaglalaruan ng baboy
dyíwi	tinik
dyúdyay	ihi
dyúkut	dukot
dyúnak	ilog na patay
dyúng-uy	hiya
gabún	ibaba; ilalim
gâgang	talangka
gahák	gasak
gahálaw (zoo)	kalaw
gahatâw	ganoon
gahatí	ganito
gâhga	galos
galargár	piyok, garalgal

Ayta Magbukun	Filipino
galíhgi	kiskis
galúgar	galugad
gámpañ	gampan
gantí	ganti
gápa	gapas
garà/yáraw	ganda
garapátu	sapatos
garúti	hampas
gáta	gatas
gátang	panukat ng bigas
gatgát	nguya
gatû	katí
gaút	yakap
gawáun	gawain
gawû	tuyong buho
gaw-ún	gawin
gayáman	alupihan
gáyu/gáyaw	kamot
gihâ	gisa
gilágir	gilagid
gílir	gilid
gíluk	gilik ng buho
gínâw	lamig; tumutukoy sa pakiramdam
gín-âwa	ginhawa
gínun	ulap
girípu	gripo
guhalì	gusali
gúit	guhit
gulamút	kamay

Ayta Magbukun	Filipino
gúlang	tanda (edad)
gúluk	itak
gúluy	hila
gurúpu	grupo
guyúm	bulbol
haatú	ngayon
haáy	saan
hâbak	sabak
Hâbarú	Sabado
hâbat	suwerte
habáy-habáy	sabay-sabay
hâbi	sabi
hâbit	sabit
habû	sabaw
habúg	sabóg
habúk	sabik
habún	sabon
hagahâ	sagasa
hagár	sagad
hagár	panghuli ng manok (labuyo)
hâging	saging
haglít	saglit
hagmák	dami
hâgur	hagod
haín	iyán
hakáy	sakay
hakbít	sakbit
hakít	sakit
hakít-babâyi	regla

Ayta Magbukun	Filipino
hakláng	saklang
hakláy	saklay
haklúb	saklob, taklob
hâklub	saklob
hakú	akó
hâku	sako
hâkung	sakong
hâkup	sakop
halâ	sala (out of bamboo)
halà	sala (strain)
hâla	sala (living room)
hâla	sala (sin)
halâmat	salamat
halamín	salamín
hâlang	salang
hâlang	pagkarga sa bata na pinauupo sa balikat
halânhan	salansan
halbâhi	salbahe
halí	sige, lapit
hâli	salí
halí-halí	tabi-tabi
hâlin	salin
halû	sálo (pagkain)
halû	halo (stir)
halûdu	saludo
hâluk	salok
halukhúk	hikaw
halukút	salakot
halungát	salungat

Ayta Magbukun	Filipino
haluúng	pandong
halwâl	salwal
halyá	halaya
hamát	ikmo/samat
hambâl	lumbay
hambâlilu	sombrero
hambúlat	sambulat
hampá	sampa
hampál	sampal
hampalatâya	sampalataya
hampáy/bindáy	sampay
hampû	sampu
hanáy	sanay
handaân	isandaan
handál	sandal
handalî	sandali
handúk	sandok
hangá	sanga
hangár	hangad
hangáy	sangag
hang-âyun	sang-ayon
hângga	sangga
hanggúl	sanggol
hangkâlan	sangkalan
hanlíbu	isanglibo
hantúl	santol
hapî	ritwal sa gubat; palatandaan na pag-aari na ang pulot
hapín	sapín

Ayta Magbukun	Filipino
hapín-hapín	sapín-sapín (pagkain)
haplút	damit
hapulà	sapula (headband)
hâput	sapot
harâ	sara
harâp	sarap
harhâr	hadhad
hari-hari	sari-sari
harili	sarili
hatí	ito; heto
hâting yabí	hating-gabi
hâwang	hawan
hâwang	aliwalas (panahon)
hâwang	liwanag
hawhâw	sawsaw
hâwur	sahod
hayâ	sayâ
hayâw	sayaw
hiblút	sobrang takaw
híg-ang	sigang
hígul	amoy
higúro	siguro
híhi	sisi
hikâ	ikaw
híkar	padyak
híkat	síkat
híkaw	kayó
híkíp	sikip
híku	siko

Ayta Magbukun	Filipino
hilâ	silâ
hilangan	silangan
hilbí	silbi
hili	sili
hílíp	silip
hilpún	selpon
hilù	silo
hílung	silong
Himbá	Linggo
himbá	simba
himbá	linggo (week)
himbáhan	simbahan
himulâ	simula
himúr	himod
himúut	irap
hindí	sindi
hingâw	singaw
hing-âw	nakaraan
hinggâr	higad
híngit	singit
hingkit	singkit
híni	sine
hintídu	sentido
hinturún	sinturon
hínu	sino
hinúk	sinok
hinúlir	sinulid
hipà	sipa
hípug	sipag

Ayta Magbukun	Filipino
hip-ún/únguy	sipon
hirâ	karne
hirî	takaw
hítaw	sitaw
Hityímbri	Setyembre
hiwálat	siwalat
hiwang	siwang
hiyâhiyáangan	iba't iba; sino-sino; ano-ano; sari-sari
hiyâm	siyam
hiyâmpu	shampoo
hubâr	hubad sa pang-itaas
hubaybáy	subaybay
húbri	sobre
hubû	hubo
húgat	sugat
húgur	sugod
huhî	susi
huhû	susô
húhu	súso
hukà	sukà
húka	súka
húkal	sukal
hukbú/hulák	kulô
hukláy	suklay
hukû	suko
hukúl	sukol
húlat	sulat
húlin	holen
hulipát	duling

Ayta Magbukun	Filipino
húlung	sulong
hulúran	lagyan ng gatong ang apoy
hulyáp	sulyap
Húlyu	Hulyo
humbúng	sumbong
humút/hupút	simot
hundán	sundan
hundû	sundo
húngay	sungay
hunghúng	takip na dahon
hungít	sungit
huntúk	suntok
hunúl	sunod
húnung	sunong
Húnyu	Hunyo
huphúp	sipsip
huplíng	supling
hupút	supót/hindi tuli
húrut	surot
húu	kuko
huút	suot
Huwíbi	Huwebes
huyù	suyo
húyur	suyod
ialún/kaytí	lagay
íbay	tibay
íbug	nais/ibig
idár	edad
igánti	higante

Ayta Magbukun	Filipino
ígpit	higpit
íhip	isip
íkít	kíta
iklúk	ikli
iknúlan	upúan/bangkô
ikún/ikín	hindi
íkuy	buntot
ilúkut	tupí
ílur	hilod
ílut	hilot
imalâ	himala
imbáhun	nandiyan na
impá/híin	ayan
impáy na	ayan na/iyan na
inakáy	anak ng ibon
inanggúlang	tiyahin
indáyun	duyan
indû	nanay
inggatân	puntahán
ingî	hingí
Iníru	Enero
insú	hipag
intú	iyon
inúg	hinog
inúp	inip
inyayî	hele
ipun	típon
ipúr	marahang paggapang
írap	hírap

Ayta Magbukun	Filipino
iskwilaân	paaralan
istíping	tsinelas
iwâ	hiwa
iwaláy	hiwalay
íwi	pag-aalaga ng bata
iyaylú	yelo
iyayrú	yero
kaanakán	kabataan
kaáwlúan	kaarawan
kabángil	kabila
kabángil	kabila
kabták	kabiyak
kádyang	habà
kagtân	dalhin
kágut	dala
kahál	kasal
kahapwígu	posporo
kahúur/aháwa	asawa
kakà	ate/kuya
kakáhan	alisán ng uling ang buhong pinaglutuan
kakálu	kawawa
kakanáwa	dahan-dahan
kákang babâyi	ate; ginagamit kung hindi sumusunod ang pangalan
kákang làki	kuya
kalâm	kiliti
kalamanhî	kalamansi
kálangúyan	tutubi
kalanháy	kalansay

Ayta Magbukun	Filipino
kalarkár	kalaykay (rake)
kalbáha	kalabasa
kalikáhan	kalikasan
kalitúkun	kilitiin
kalituptúp	alitaptap
kaliwâ	kaliwa
kalúb	nguya
kalupî	bayong
kámat	habol
kamáti	kamatis
kamatían	kamatayan
kamihíta	kamiseta
kamihún	kamison
kámuntúk (zoo)	lulumbo; uri ng bubuyog
kamurû	taghiyawat
kamúting kâyu	kamoteng kahoy
kantâ	awit
kânun	kanin
kapatágan	kapatagan
kapí	kape
kápir-amák	kapitbahay
kapkâp	kapâ
kapumbuwánan	kabuhuan; lugar na maraming buho
karâay	katabi
karálagá	kabarkada
katímun	pipino
katúlyan/katulúyan	tulugán/higáan
kátur	tatad (uri ng uod); pagkain

Ayta Magbukun	Filipino
káturpaláhan	uri ng uod na nakukuha sa ratan
kawángi	kawangis
káwar	kawad
kâyab	hikab
kayakú	akin
kayât	kagat
kâyi	hukay
kayká	sa 'yo/iyo
kâyli	tawa
kaynîla	kanila
kaytí	dito
kâyu	kahoy
kayúk	kaunti
kâyur	kayod
kílat	kidlat
kimár	paggalaw ng batà sa loob ng tiyan
kinâr	kinang
kinumyâr	nanigas
kitâ	kitâ
kitâ-kitâmu	tayo-tayo
kitâmu	tâyo
kítir	kitid
kuhút	kusót
kúhut	kúsot
kulahíhi (Zoo)	kulasisi
kulalâing	putakti
kulamlám	kulimlim
kulbít	kalabít

Ayta Magbukun	Filipino
kułbút/luhúk	tagô
kułúb	bakuran (backyard)
kuługú	kulugo
kułukúluk	batubato
kułuntúy	tuyot
kúłur	kulay
kúłur dáwun	berde
kúłur kulyáwan	dilaw
kúłur lāngit	kulay asul
kúłur lutà	kayumanggi
kumpanà	kampana
kúmul	subò (isinubong lahat)
kúmul/hubù	subò
kumyâr	himatay
kunhínti	konsenti
kunlāuy	lantutay
kunútuy	duwende
kunypít	mahigpit na kapit
kunyarì	kunwari
kúpar	kupad
kúpuy	bagal
kurâp	kurap
kurhunâda	kursunada
kurkúr/káyur	kayod
kurpâw	tamad
kurubdúb	kaba
kurús	krus
kuún	kunin
kuwâ	kuha

Ayta Magbukun	Filipino
kuwâp	sakit na malabo ang mata kapag gabi
kuwâyu	kuwago
kuyángut	kulangot
kuyúmar	kuyumad (lice)
kuyunggút	baluktot
kwat	kabute
kyû	unggoy
laát	lahat
labâ	laba
labâ	labas
labíng ánum	labíng-anim
labíng ápat	labíng-apat
labíng dalwá	labindalawa
labíng hiyám	labinsiyam
labíng limá	labinlima
labíng mayhá	labíng-isa
labíng pitú	labimpito
labíng tatlú	labintatlo
labíng walú	labíngwalo
labú	hubo
lábuk	buhok
labút	tiyan; bituka
labuyù	ilahas na manok
lagâ	lágas
lagkút	lagkit
lagúb	labò
láha	lása
lahíng	lasing
laká	lakas

Ayta Magbukun	Filipino
lákál	lákad
láki	laláki
lakú	punta
lakû	laki
lakumpíng/takâ	tae
lalaúgan	lalamunan
lalû	lalim/ilalim
lamák	sapin
lamán	kamag-anak
lam-íg	lunok
lamíha	lamesa
lamít	damit
lamúl-lamúl	sama-sama
langhá	lansa
langhí	bahing
langí	langis
lánu	maya; mamaya (later)
lanúm	tubig
lapág	babâ
lápar	lápad
lápi	lapis
larít/gátur	landi
larlár	ladlad
latúng	datíng
láut	samâ
láwub	darang
láwuy	laway
láya	láyas
láya	gawing bundok

Ayta Magbukun	Filipino
libâbu	taas
librú	aklat
líí	lihi
liká	likás
likû	liko
likúl	likod
likút	likot
límalíma	kamoteng ligaw
limúdyan	uri ng ubod ng ratan
línab	kintab
lingáy	lingon
líni	linis
lípa	lípas
lipák	kalyo
lípay	lipat
lítlít	uri ng samat/ikmo na ilahas
liwà	límot
liyár	liyad
lúang	luwang, lawak
lubáy	bahag
lúbil	lubid
lubugánan	timog
lubúng	líbing
lubút	bútas
lubút-tuúk	bútas ng tainga
lugál	lugar
luhúk	tagô
luhungán	bayanihan
luhúr	lúnod

Ayta Magbukun	Filipino
luhút	lusot
lukhâ	luksa
lukut/guhut	gusot
lumbáy	lungkot
lúmirú	numero
lúng-ar	lungad
lúnghun	babâ
lungúy	dinig
Lúni	Lunes
lúntaw	litaw
lúnu	gútom
lúnur	lunod
lupá	lipa; isang uri ng makating punongkahoy
lupár	lipad
luplúp	pag-inom ng alak
lúrup	langoy
lutá	lutas
lutà	lupa
lúuy	leeg
luwâ	luha
maâl	mahal
maalimarmâr	mabasa-basa (para lang sa damit/tela)
maâw-aw	baliw
mabaít	daga
mabílug	bilóg
madalíng awlú	madaling araw
madlúm	dilim
magbapâ	mag-amâ

Ayta Magbukun	Filipino
mag-indû	mag-ina
mag-irâ-iráan	maghiga-higaan; pagpapalipas ng pagod
magúlang	matanda
mahâwang	liwanag
mahúlang/mahulángur	tao na hindi katutubo
mahunúlun	masunurin
maí	mais
maín	mayroon
maírap (poor)	mahirap
makalwâ	sa isang araw
mâkan	pagkain
makânu	kailan
makú	punta
makúpar/maságal	bagal
makúyna	umuwi/uuwi na
malábuk	balbon
maláúban	uri ng ratan
Maltí	Martes
malyû	maligo
mamà	tawag sa tiyuhing mas batà sa magulang
mámamaltúng	kriminal
mamangkâr	mamatay
mambângan/mamhâk	malaki
mamílang	magbilang
mamili (select)	pili
mamúhing/mawlíng	itim
mamúrut	malaki ang mata
manáik	akyat

Ayta Magbukun	Filipino
mangahâwa	bayaw
mangán	kain
mángkaklíng	pera
manhír	manhid
manliklík	shortcut
mapágmalakú	mapagmalaki
mapanudyù	mapagbigay
maputî	putî
marámut	damot
marawúp	yabang
Márho	Marso
marimúng-u	dungis
mataláwti	galawgaw
matán	naman
mátluk	ingay
maúlít	kulít
mawdyít	pulá
Maykulí	Miyerkoles
maylù	hilaw
Máyu	Mayo
miknúl	upô
minandál	meryenda
mínhan	minsan
mínum	inom
mírung	tayô
místru/místra	guro
miyímbro	miyembro
mukâ	mukha
múlat	himà

Ayta Magbukun	Filipino
mut	pa
muthâ	damo na gamot sa kabag
muwí	uwi
naápun	kahapon
nabù	hulog, laglag
nagkamayhá	nagkaisa
nagmaín	nagdamdam
namanlág	lakbay
nánang	tawag sa tiyahing mas batà sa magulang
nawtù	lutô
nayî	tahi
ngálan	pangalan
ngípin	ngipin
nipí	nipis
nuúr	nood
paámak/amlúg	pahamak
pakahalí	lapit
pakáti	katutubong paraan ng pagpapatuyo ng ilog para makahuli
pakawtù	lúto
paklá	pakla
pakù	pakò
palyúan	páliguán
panalángun	panalangin
pang-í/páhing	panghi
panú	panis
pará	anghang
patandâ	paalam sa pahintulot
patí	patay

Ayta Magbukun	Filipino
patudyù	turo
patúl	kapatid
pátung	patong
pigtá	pigtas
píkat	putik
pilantík	tirador
píngga	balagwit
píngit	tabí
pínhan	pinsan
piráhu	piraso
pithá	petsa
pruhíhiyún	prusisyon
putú	bunso
putúr	putól
puút	gálit
puúw	gísing
puypúy	nginig
puyúrut	biglaang pagtakbo nang walang paalam
rakút	dakot
rámi	dami
ramú	damo
sísir	sisid
tab-âng	tabang
tag-áy	taas
tag-í/ahà	hasà
tagkú	táli
táka	takas
takbáw	takbo
tálip	tálop

Ayta Magbukun	Filipino
tamán	tiyaga
tam-í	tamis
tandâ	alam
tángal	tingala
tângi	iyak
tangkár/talingkì	tangkad
tángu	tangos
tanúm	tanim
tápal	tapal
tarák	‘truck’ ‘uri ng sasakyán’
tarú	taris; kanin na hindi gaanong naluto
tarúm	talim
tatanggúlang/úlang	tawag sa nakatatandang kapatid na laláki ng magulang; ginagamit ng pamangkin
táwu	tao na katutubo
tawúp	tahip
táykul	talikod
tigû	kibo
tíhur/tumpúk	tisod
tíi	tiis
tikatík	ambon
tiklúp	dilim
tudyù	bigay
tuktúk	ihaw
tulà	tirá (natirá)
túlak	tulak
túlar	tulad
tulí	ipot/kaunting tae

Ayta Magbukun	Filipino
túli	tulis
túluy	tulog
tunggún	tigil
tung-û	noo
tunúy	tunog
tútul	kuwento
tuwár	tuwad
tuwír/tulbúy	tuwid
tuyhúk	tusok
tuyû	káti (sa ilog ginagamit)
úbur	ubod
úgtu	tanghali
úhar	usad
uhâw	uhâw
ulbút/yábut	búnót
ulyânun	ulianin
umângi	luya
umpihâ	umpisa
umút	init
umyât	himatay
undág	higa
unúg	ugoy
úpul	hanap
urák	loko
úram	hiram
útu	utos
útung	hintay
uwá	katutubong paggawa ng apoy; hindi ginagamitan ng posporo

Ayta Magbukun	Filipino
uyá	heto; may ibinibigay na isang bagay
úya	hugas
uyât	ugat
uyúp	higop
wahák/warák	wasák
wantík	tápon
yâbung	yabong
yákag	yaya/alok
yakáp	gapang
yamúk	lamok
yamút	inis
yapyâp	daldal
yukû	yuko
yukúr	yukod

**APINDIK
PANUNULAT UNG TULDIK**

1. Hay linggwai ung kumpyutir ray dapat ta naka hit ha:
English (United States)
United States-International Keyboard
2. Hunulun ti hay himuhunul la kahunulan tamung makahulat:

Hangar ra maipakit	Una wa pindutun	Hunul la Pindutun	Kinalabahan
Hinu wa pantig ti hay main diin	‘ (apostrophe key)	Titik ing diniinan na patinig	â, é, í, ó, ú
Impit ha dulu ung pantig u halita	` (grave accent)	Titik ing patinig ga hinunulan ung impit	à, è, ì, ò, ù
Pantig ga nagtatapu ha impit ay hiyang diniinan na pantig ung halita	^ (circumflex accent key)	Titik ung diniinan na patinig	â, ê, î, ô, û
Schwa	“ (quotation marks)	Titik e	ë

**APENDIKS
PAGSUSULAT NG TULDIK**

1. Ang lengguwahe ng computer ay dapat naka-set sa:
English (United States)
United States-International Keyboard
2. Sundin ang sumusunod na instruksiyon upang makasulat ng patinig na may tuldik:

Nais maipakita	Unang Pindutin	Sunod na Pindutin	Kinalabasan
Aling pantig ang may diin	‘ (apostrophe key)	Titik ng diniinang patinig	â, é, í, ó, ú
Impit sa dulo ng pantig o salita	` (grave accent)	Titik ng patinig na sinusundan ng impit	à, è, ì, ò, ù
Pantig na nagtatapos sa impit ay siyang diniinang pantig ng salita	^ (circumflex accent key)	Titik ng diniinang patinig	â, ê, î, ô, û
Schwa	“ (quotation marks)	Titik e	ë



KOMISYON SA WIKANG FILIPINO

Gusaling Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel

San Miguel, 1005 Maynila

Tel. (02) 899-606-70

www.facebook.com/komfilgov

komfil@kwf.gov.ph

www.kwf.gov.ph